Panawagan sa Kapayapaan at Kahinahunan

Sa lahat ng mga mananampalataya ng Diyosesis ng Novaliches:

Patuloy nating sinusubaybayan ang pagbibilang ng mga boto sa Kongreso. Sari-saring mga usapin ang naglalabasan tungkol sa maaaring kahinatnan ng mabagal at paputul-putol na pagbilang. May mga akusasyong pinag-aaralan kung makakahadlang ito sa pagbatid ng tunay na saloobin ng tao kung sino ang dapat maging pinuno ng bansa. Dahil dito, marami ang nangangamba sa malaking epekto nito sa kapayapaan at ekonomiya.

Nananawagan ako sa lahat ng mga kinauukulan na sikaping tuklasin ang katotohanan sa lalong madaling panahon, nang sa gayo'y ang talagang kalooban ng sambayanang Pilipino ang siyang maigalang at maitaguyod. Nananawagan din ako sa lahat ng mga kandidato at ang kanilang mga taga-suporta na tanggapin ang hatol ng bayan kung ito'y batay sa masusi at ganap na pagtuklas sa katotohanan.

Kung sakaling hindi matapos sa takdang panahon ang pagbibilang at makalikha ito ng kalagayang wala pang maipoproklamang pangulo ng bansa, nananawagan ako sa lahat na maging mahinahon. Igalang natin ang Konstitusyon at hayaang ang demokratikong proseso ang manaig sa lahat ng pagkakataon. Huwag tayong magpadala sa udyok ng mga may makasariling interes at personal na ambisyon na maaaring magsamantala sa kalagayang ito. Ipanalangin nating hindi magtagumpay yaong naghahangad maghasik ng kaguluhan at karahasan, o mang-agaw ng kapangyarihan.

Sumasainyo,

MOST REV. ANTONIO R. TOBIAS, DD
AT ANG MGA KAPARIAN